



Karahasan sa Tahanan at Pamilya

Sa Australya ay hindi katanggap-tanggap ang karahasan sa tahanan at pamilya.

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay mga krimeng labag sa batas.

Ang taong nagsasagawa ng mga ganitong krimen ay maaaring makulong, lalaki o babae man sila.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Para sa libre at kumpidensyal na payo at suporta, tawagan ang 1800RESPECT sa **1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tumawag sa **131 450**.

Hindi kinukunsinti ng Pamahalaang Australyano (Australian Government) ang karahasan sa tahanan at pamilya anuman ang sirkumstansiya.

Kabilang sa karahasan sa tahanan at pamilya ang ugali o mga bantag hangad na pang-ibabawan ang kapartner sa pamamagitan ng pananakot o pagbabanta sa kanyang kaligtasan. Maaaring kabilang sa karahasan sa tahanan at pamilya ang:

- pananakit;
- pagsakal;
- pagkakait sa pamilya o kapartner ng kinakailangang pera;
- paglayo ng kapartner sa mga kaibigan at pamilya;
- pang-iinsulto o palagiang pamumuna sa kapartner;
- pamimilit sa kapartner na makipagtalik; at
- pagbabanta sa mga bata o alagang-hayop.

May parehong mga karapatan ang kababaihan gaya ng sa kalalakihan.

Ang batas sa Australya ay may pantay na pagtrato sa kababaihan at kalalakihan.

May karapatang makaranas ang bawat isa ng positibo at ligtas na pakikipagrelasyon sa kanilang mga kapamilya, mga kaibigan at mga mahal sa buhay. Ang karahasan ay hindi kailanman okey. Hindi dapat tanggapin ninuman ang masamang pagtrato o masaktan.

Mayroong mga serbisyong sensitibo sa kultura sa Australya na maaaring makatulong.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang **website** ng **1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete)** (TIS) sa **131 450**. Ang interpreter mula sa TIS ay tutulong sa iyong makipag-usap sa iba pang mga serbisyo, subalit ang TIS ay hindi nagbibigay ng pagpapayo. Lahat ng tawag ay walang bayad at kumpidensyal.